Na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay [itinalaga niyang] Tagapangalaga si Ibn Ummi Maktum,Nag iimam sa mga Tao kahit na siya ay bulag

Ayon kay Anas-malugod si Allah sa kanya-Na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay [itinalaga niyang] Tagapangalaga si Ibn Ummi Maktum,Nag iimam sa mga Tao kahit na siya ay bulag.

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ginawa ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan si Ummu Maktum malugod si Allah sa kanya na tagapamahala niya sa mga ilang paglalakbay niya,Siya ay nagdarasal sa mga tao na Imam bilang kapalit niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa mga panahon na wala siya,at ang dahilan sa pagpili niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kay Ibn Maktum na wala sa iba ay ang pagiging una niya sa pagyakap sa Islam,Siya ay kabilang sa mga unang Nagsilikas,at kabilang sa mga Tanyag na Mambabasa ng Qur-an at may Kaalaman,Kaya nararapat sa kanya ang pagiging Imam dahil sa mga kainamang ito at iba pa, At ang pagpapamahala ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa kanya ay hindi limitado sa pagdarasal lamang,Datapuwat ito ay pamamahala sa pangkalahatan sa pagdrasal at sa iba pa rito,Maaari sa kanya ang magbigay ng Fatwa [Kasagutan sa mga katanungan] at maaari sa kanya ang maghatol sa pagitan ng mga tao,at mamahala sa lahat ng mga kapakanan ng mga nananahanan sa Madinah sa panahon na wala ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan At pinagtitibay ito sa naisalaysay ni Imam Attabarani buhat kay `Ata mula kay Ibn Abbaa Na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan -ay ginawa niyang pinuno si Ibn Ummi Maktum sa pagdarasal at sa iba pa,mula sa mga gawain sa Madinah,Ginawa itong Maganda [antas ng Hadith] ni Imam Albani sa Aklat na `Erwael Galil;sa salaysay ni Imam Abe Dawud na iba: Na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay ginawa niyang tagapamahala si Ibn Ummi Maktum sa Madinah ng dalawang beses

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/11308